Biblia Para sa mga Bata

Ihinahalad

Ang Magandang Reyna na si Esther

Sinulat ni: Edward Hughes

Ilinarawan ni: Janie Forest

Ibinagay ni: Ruth Klassen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Yinari ni: Bible for Children
www.M1914.org

©2007 Bible for Children, Inc.
Lisensia: May karapatan kayo magkopia o imprenta ng kuento,
kung hindi ninyo ipagbibili.

Minsan may isang dalaga na ang pangalan ay si Esther. Nang namatay ang kanyang mga magulang, si Mordacheo na kanyang tiyo ay nagalaga sa kanya. Ginalang ni Esther ang kanyang tiyo na masunorin siya parang sarili anak.

Si Esther ay nanirahan sa Persia. Bagama't siya'y hindi taga Persia. Siya'y Hudya. Ang kanyang kanunoan ay pumunta sa Persia bilang mga bilanggo ng digmaan. Noong panahon ni Esther, maraming mga Hudyo ay nanirahan sa Persia.

Ang hari ng Persia ay nagpalabas ng malaking bangkete para sa mga prinsipe na nanggaling sa ibat ibang daku ng mundo. Ang mga lalake ay nagsikain hiwalay sa mga babae na dumalo sa bangkete kasama ang reyna na si Vasthi. Ang lasing na hari ay nagmando na si Reynang Vasthi ay susuot ng kanyang korona at makita ang kanyang kagandahan. Ngunit si Vasthi ay tumagi.

Upang ipakita
na ang mga babae
ay dapat itanghal
ang karangalan ng
kanilang mga asawang
lalake, ang hari ay
gumawa ng utos na
makuha ang
korona ni Vasthi. Siya
ay hindi na reyna ng
Persia.

Hinanap ngayon ang maging bagong reyna. Sa lahat ng mga maraming magagandang dalaga sa kaharian, pinili si Esther na maging bagong reyna na kanyang asawa. Linagay ang pangharing korona sa kanyang ulo. Hindi sinabi ni Esther sa hari na siya ay Hudya dahil sa ang kanyang tiyo ay nagsabi sa kanya na hindi ipaalam na siya Hudya.

Si Tiyo Mordacheo ay namamalagi sa pasukan ng palasio upang makarinig ng mga balita tungkol kay Esther.

Isang araw narinig niya ang usapan ng dalawang alila sa palasio na patayin nila ang hari. Si Mordacheo ay nagpa dala ng abiso at ito ay nakaligtas sa buhay ng hari. Ang mga alila ay binitay, at ang pangalang Mordacheo ay nakasulat sa aklat ng hari bilang aklat talaan.

Ang pangalawang tagamado sa hari ay ang mayaman na tinawag na Aman. Ang lahat ay sumaludo sa kanya habang siya ay dumadaan. Lahatisa lamang ang hindi sumaludo. Bilang Hudyo, si Mordacheo ay sumasamba lamang sa Diyos na buhay.



Si Aman ay galit na galit kay Mordacheo na siya ay nagpasiya na patayin niya si Mordacheo at ang lahat ng mga Hudyo sa Persia. Katakottakot! Lininlang ni Aman ang hari upang makaperma sa batas na sa takdang oras ang lahat ng mga Hudyo sa kaharian ay patayin.



Ito ay napakasamang batas. Ang Hudyo and mga taga Persia ay nagluksa. Ngunit alalahanin ninyo na ang Diyos ay ginawa si Esther na Reyna. At siya ay Hudya. Maitago ba kaya ang kanyang sekreto sa hari? O, ilalagay niya sa panganib ang kanyang buhay upang maligtas ang kanyang mga taohang Hudyo?

Binigyan ng Panginoon si Esther ng mabuting paraan. Inanyayahan niya ang hari at Aman sa bangkete na kanyang inihanda. Doon ang hari ay nangako na kahit ano ang kanyang hihingiin ay ibibigay. "Pupunta muna any hari at si Aman sa bangkete … bukas," ang sagot ni Esther. Noon ay kanyang sasabihin sa hari ang kanyang hihingiin.



Manyari, si Aman ay naghanda ng malaking bibitayan para kay Mordacheo.


Sa gabing iyon, ang hari ay hindi nakatulog. Nagbasa ng mga aklattalaan at nabasa niya ang pangalang Mordacheo na nakaligtas sa kanyang buhay na hindi man lamang nabigyan ng ganti. Nang kinabukasan, tinanong ng hari si Aman, "Ano ang dapat gawin sa lalake na gusto kong ipasiya ang kanyang karangalan?" Tuwangtuwa si Aman. Ang akala niya na iyong karangalang iyon ay para sa kanya.

Si Aman ay pumunta sa hari upang humingi ng permiso ng ibitay si Mordacheo. Ang bibitayan ay handa na. Ngayon hihintay muna.

Tuwangtuwa, si Aman ay nagbigay ng maraming mungkahi. "Ang lalake ay magdamit ng pangharing suot at korona."

“Isakay siya sa pangharing kabayo. Mandoan ang pangharing prinsepe na manguna ng alake sa buong bayan upang makita siya ng lahat.” AMadali, at gawin mo rin kay Mordacheo na Hudyo,” ang utos nang hari kay Aman.


Papano kaya sa iyong pagiisip ang nadarama ni Aman habang nanguna kay Mordacheo na binigyan ng karangalan sa buong bayan? Galit na galit siya kay Mordacheo lalo na ngayon. "Maghintay lamang,"
Marahil inisip ni Aman, "Hindi magtagal siya ay mamatay-kasama na ang l ahat ng mga Hudyo."

Mayamaya sa araw na yon, si Aman at ang hari ay dumating sa piging ni Esther na Reyna. "Ano ang iyong hinihingi?" ang hari ay nagtanong. Hindi niya nakalimutan ang kanyang pangako. Itinuro si Aman, sinabi ni Reyna Esther sa hari ang lahat ng ginawa at balak ni Aman. "Bitayin siya!" Ang utos ng hari.



Sa ngayon gumawa ng ibang batas ang hari na ang mga Hudyo ay maring magtanggol ng kanilang sarili. Sila ay naligtas. Si Mordacheo ay nagging pangalawang mando ng hari at ang lahat ng mga Hudyo ay nagsaya at nagbigayan sila ng mga regalo. Kahit ngayon, ang mga Hudyo ay inaalaala nila kung paano sila linigtas ng Diyos sa pamamagitan kay Magandang Reyna Esther.



Ang Magandang Reynang si Esther

isang kuentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Biblia,

makikita sa

Esther 1-10

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Ang kuentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na naglikha sa atin at ibig niya na a-alamin natin Siya.

Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo niya na ipinadala niya ang kanyang Anak na si Hesus upang maipaku at mamatay sa Krus bilang parusa ng ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kungkayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan, gagawin niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon at kayo ay maninirahan na kasama niya sa kanyang tahanan na walang hanggang.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako'y naniniwala na si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli Maaari po bang pumasok kayo sa aking buhay at patawarin po ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon at sa sarating na araw ako ay kasama mo sa iyong piling na walang katapusan. Tulongan po ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang iyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16